# Magnanakaw Magnanakaw!

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis. Techie Rodriguez, Manila Chapter

October31, 2020

Walang taong nakakaalam ng araw o oras ng pagdating ng kamatayan (Mt. 24:42-43). Dapat tayong magsisi; tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas; at humingi ng tawad sa pag-impok ng yaman sa mundo. Kung titingnan natin ang kamatayan sa malayo, natutukso tayong iantala ang paghahanda. Ngunit kung isinasaalang-alang natin na maiksi ang buhay, lahat tayo ay mamamatay, at ang katotohanan na may kabilang-buhay, iisipin natin ang ating mga layunin at mga adhikain sa buhay.

**Ang Katotohanan ng Buhay at Kamatayan:**

Mabilis ang panahon. Lahat tayo ay naghahanda para sa kabilang buhay na walang hanggan (Karunungan 4:7-8).

**a.Tiyak ang Pagdating ng Kamatayan** (Mang 3:2-3)

"Sa simula pa'y may takda na ang kanyang araw, kung gaano kahaba ang itatagal ng kanyang buhay, nilalagyan mo siya ng hangganan, di niya ito malalampasan" (Job 14:5).

**b. Ang Kahalagahan ng Pagharap sa Kamatayan**

Kung haharapin natin ang parating nating kamatayan, magsusumikap tayong mamuhay nang ayon sa Kanyang kalooban (Mt.6:33).

**c. Pansamantala lamang ang buhay sa mundo** (Awit 90:10).

**d. Walang takot sa kamatayan ang mananampalataya**

Sa taong di naniniwala sa Diyos, ang kamatayan ay katapusan na ng kagalakan; sa taong may pananalig sa Diyos, ito ay katapusan na ng hapis at dusa (Pahayag 7:13-17).

**Paano Tayo Dapat Mamuhay:**

**1. Ang kaiklian/kahinaan ng buhay** (San 4:14), Awit 39:5-8, Jn 10:10)

Maiksi ang buhay; mamuhay tayo nang dapat. Lahat ay galing sa Diyos. Mamuhay tayo ayon sa Kanyang mga panukala. Namnamin at gawing makabuluhan ang bawat sandali ng ating buhay.

**2. Kahalagahan ng Buhay –** noong nasa bukang liwayway ang ating buhay, gumagapang ang oras: nang nasa katanghalian na ang ating buhay, ang oras ay naglalakad; nang sumapit na sa dapit-hapon ang ating buhay, ang oras ay lumilipad at pagdaka'y ito'y nawawala. Pinababayaan natin ang ating kalusugan. Huwag natin ito ipagpalit sa pera. Pahalagahan natin ang ating buhay (Mt. 6:19-21).

**Tatlong Direksyon para masulit ang buhay:**

2.1.Huwag manahan sa nakaraan; pakawalan ito.

2.2 Maling mabuhay sa hinaharap dahil wala itong katiyakan; manalig lang sa Maykapal (Mt.6:25-34).

2.3 Dapat sa kasalukuyan tayo mamuhay.

**3. Unahin ang pagkakaroon ng magandang buhay**

**3.1 Gamitin nang tama ang ating oras.**

Unahin ang Diyos sa lahat ng pagkakataon (Mt. 22-37-39, Efeso 5:15-17). Ang pinakamalaki nating kalaban ay hindi kamatayan – kundi buhay na walang saysay.

**3.2 Ang huling tawag**

Ang kamatayan ay hindi maiiwasan. Huwag mag-impok ng yaman para sa sarili, na pag namatay hindi ito napakikinabangan (Lk.12:13-21).

**3.3 Ang huling destinasyon**

Ang huli nating destinasyon ay maaaring sa impyerno (Mt. 13:42) o sa langit (Job33:24), Jn 14:15, Pahayag 7:9-15), tulad ng kwento ng mayaman at si Lazaro (Lk. 16:19-31).

Dapat natin tandaan na maikli lang ang buhay. Huwag tayong mag-aksaya ng oras sa kaiisip ng bukas. Maaaring mabago ang ating bukas kung mababago ang kahapon natin (Fil 3:13-14). Kaya't dapat mamuhay tayo sa kasalukuyan.

**Pagninilay:** Ano ang gagawin mo kung alam mong may dalawang araw ka na lang mabubuhay?

Panginoon, harinawa'y biyayaan mo kami ng makabuluhan at ganap na buhay para kami'y hihimlay sa iyong kandungan (Awit 112: 1-3).

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials